| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | | Grade Level: | I |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | | Learning Area: | ESP |
| | Teaching Dates and Time: | NOVEMBER 21 - 25, 2022 (WEEK 3) | Quarter: | 2ND QUARTER |

| | LUNES | MARTES | MIYERKULES | HUWEBES | BIYERNES |
|---|---|---|---|---|---|
| *I. LAYUNIN* | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | | Naipamamalas ang pagunawa sa kahalagahan ng wastong pakikitungo sa ibang kasapi ng pamilya at kapwa tulad ng pagkilos at pagsasalita ng may paggalang at pagsasabi ng katotohanan para sa kabutihan ng nakararam | Naipamamalas ang pagunawa sa kahalagahan ng wastong pakikitungo sa ibang kasapi ng pamilya at kapwa tulad ng pagkilos at pagsasalita ng may paggalang at pagsasabi ng katotohanan para sa kabutihan ng nakararam | Naipamamalas ang pagunawa sa kahalagahan ng wastong pakikitungo sa ibang kasapi ng pamilya at kapwa tulad ng pagkilos at pagsasalita ng may paggalang at pagsasabi ng katotohanan para sa kabutihan ng nakararam | |
| **B. Pamantayan sa Pagganap** | | Naisasabuhay ang wastong pakikitungo sa ibang kasapi ng pamilya at kapwa sa lahat ng pagkakataon. | Naisasabuhay ang wastong pakikitungo sa ibang kasapi ng pamilya at kapwa sa lahat ng pagkakataon. | Naisasabuhay ang wastong pakikitungo sa ibang kasapi ng pamilya at kapwa sa lahat ng pagkakataon. | |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto**<br>*Isulat ang code ng bawat kasanayan.* | | Nakapagpapakita ng pagmamahal sa pamilya at kapwa sa lahat ng pagkakataon lalo na sa oras ng pangangailangan<br>- Kalamidad ( bagyo at baha)<br>**EsP1P- IIc-d – 3** | Nakapagpapakita ng pagmamahal sa pamilya at kapwa sa lahat ng pagkakataon lalo na sa oras ng pangangailangan<br>- Pagtulong sa kaibigan<br>**EsP1P- IIc-d – 3** | Nakapagpapakita ng pagmamahal sa pamilya at kapwa sa lahat ng pagkakataon lalo na sa oras ng pangangailangan<br>- Kalamidad ( bagyo at baha)<br>**EsP1P- IIc-d – 3** | |
| ***II. NILALAMAN*** | | | | | |
| ***KAGAMITANG PANTURO*** | | | | | |
| A. Sanggunian | | | | | |
| 1. Mga pahina sa Gabay ng Guro | | Teaching Guide ph. 4 | Teaching Guide ph. 4 | Teaching Guide ph. 4 | |
| 2. Mga pahina sa Kagamitang Pang-mag-aaral | | | | | |
| 3. Mga pahina sa Teksbuk | | | | | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng *Learning Resource* | | | | | |
| B. Iba pang Kagamitang Panturo | | tsart | tsart | tsart | |
| ***III. PAMAMARAAN*** | | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| A. Balik-Aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin. | | Anong tulong ang ibinigay ni Loleng sa kanyang mga kapitbahay?<br>Anong mabuting ugali ang ipinakita ni Loleng?<br>Kaya mo bang tularan o gayahin ang ginawa ni Loleng? | Magbigay ng mga tulong na maari mong ibigay sa mga taong nangangailangan nito sa oras ng kalamidad tulad ng baha. | Paano tinulungan ni Langgam si Tipaklong? |
| B. Paghahabi sa layunin ng aralin | | Ano sa palagay ninyo ang dahilan at bakit nagkakaroon ng malalaking pagbaha sa iba't ibang lugar sa ating bansa? | Inuubos mo ba lahat ang baong ibinibigay sa iyo ng iyong nanay? Bakit?<br>Bakit kailangang mag-ipon? | Awit: Ang mga Ibon |
| C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin. | | | | |
| D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1 | | "Mga Ulirang Bata"<br>Isang malakas na bagyo ang dumating sa bansa noong Nobyembre, 2009. Nagsanhi ito ng malaking pagbaha.<br>Maraming lugar ang nalubog at maraming buhay ang nasawi. Maraming paaralan din ang napinsala. Isa sa mga ito ang paaralan kung saan nag-aaral si Betina. Nalubog lahat ng kanilang kagamitan.<br>Nabasa ang mga aklat.<br>Agad tinawag ni Betina ang kanyang mga kamag-aaral at tinulungan nilang maglinis ang mga guro. Kanya-kanya sila ng lugar na nilinis kaya naman agad na naibalik sa dati ang ayos ng kanilang silid-aralan.<br>Tuwang-tuwa ang kanilang guro sa ginawang tulong ng mga bata. Sa araw ng Pagkilala binigyan sila ng parangal ng punong-guro bilang mga ulirang mga bata.<br>Original File Submitted and Formatted by DepEd Club Member - visit depedclub.com for more | "Tunay na Magkaibigan"<br>Sina Langgam at Tipaklong ay magkaibigan. Si Langgam ay masipag. Si Tipaklong ay tamad. Araw-araw ay naghahakot ng pagkain mula sa bukid si Langgam. Si Tipaklong naman ay umaawit at sumasayaw sa buong maghapon.<br>Dumating ang tag-ulan. Gutom na gutom si Tipaklong. Si Langgam ay busog na busog sa dami ng nakaimbak na pagkain.<br>"Kaibigang Langgam, maawa ka naman sa akin. Wala akong makain," ang umiiyak na sabi ni Tipaklong.<br>"Halika, kaibigang Tipaklong. Heto ang aking mga pagkain," pagmamalaki ni Langgam, sabay abot ng pagkain sa kaibigan.<br><br>"Salamat, kaibigan. Nagsisisi na ako, kung nagtrabaho lamang ako, sana'y marami rin akong pagkaing naipong tulad mo," ang malungkot na wika ni Tipaklong. | "Si Langgam at si Kalapati"<br>Isang mainit na tanghaling tapat. Isang langgam na uhaw na uhaw ang nagtungo sa ilog.<br>Dahan-dahan siyang pumunta sa gilid upang makainom subalit nadulas siya at tuloy-tuloy na nahulog sa tubig. Kawag nang kawag si Langgam dahil hindi siya marunong lumangoy.<br>Sa di kalayuan, isang kalapati na nakadapo sa isang sanga ng mataas na puno ang nakakita kay Langgam. Agad itong kumuha ng isang dahon sa pamamagitan ng kanyang tuka. Inihulog ang dahon sa tapat ni Langgam. Agad naming sumakay si Langgam sa dahon at siya'y nakaligtas sa pagkalunod. Nagpasalamat siya kay Kalapati.<br>Isang hapon, habang nakadapo si Kalapati sa isang sanga, isang mangangaso ang akmang babaril sa kanya. Nakita ito ni Langgam. Agad siyang umaakyat sa binti ng lalaki at kinagat ng buong lakas ang mama. Napasigaw ito at narinig |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | ni Kalapati kaya nakalipad ito palayo.<br>Nang magkita ang magkaibigan pinasalamatan din ni Kalapati si Langgam sa pagliligtas sa buhay niya. |
| E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2 | a. Sinu-sino ang mga bata sa kwento?<br>b. Anong kalamidad ang nangyari sa kanilang lugar?<br>c. Anong tulong ang ginawa ni Betina at mga kaibigan niya para sila makatulong? | a. Sinu-sino ang magkaibigan?<br>b. Ano ang Gawain nila araw-araw?<br>c. Anong tulong ang ginawa ni Langgam para sa kaibigan?<br>d. Sa iyong palagay, magbago na kaya si Tipaklong? | a. Sino ang uhaw na uhaw?<br>b. Paano iniligtas ni Kalapati si Langgam?<br>c. Anong kapahamakan ang nakaambang mangyari kay Kalapati?<br>d. Paano nailigtas ni Langgam ang Kalapati?<br>e. Anong aral ang natutuhan mo sa kwento? |
| F. Paglinang sa Kabihasaan (Tungo sa *Formative Assessment*) | | | |
| G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw-araw na buhay | | | |
| H. Paglalahat ng Aralin | Paano mo maipapakita ang iyong pagmamahal sa kapwa sa lahat ng pagkakataon at sa oras ng pangangailangan?<br>Tandaan:<br>Kaibiga'y ating kailangan<br>Sa hirap at ginhawa ng buhay<br>Tayo'y kanilang matutulungan<br>Sa oras ng kagipitan.<br>Paglalapat<br>Ipasadula ang pangyayari. | Paano mo maipapakita ang iyong pagmamahal sa kapwa sa lahat ng pagkakataon at sa oras ng pangangailangan?<br>Tandaan:<br>Kaibiga'y ating kailangan<br>Sa hirap at ginhawa ng buhay<br>Tayo'y kanilang matutulungan<br>Sa oras ng kagipitan.<br>Paglalapat<br>Ipasadula ang pangyayari. | Paano mo maipapakita ang iyong pagmamahal sa kapwa sa lahat ng pagkakataon at sa oras ng pangangailangan?<br>Tandaan:<br>Kaibiga'y ating kailangan<br>Sa hirap at ginhawa ng buhay<br>Tayo'y kanilang matutulungan<br>Sa oras ng kagipitan.<br>Paglalapat<br>Ipasadula ang pangyayari. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| I. Pagtataya ng Aralin | | Lagyan ng / ang mga bagay na maari mong gawin upang makatulong sa mga taong nasa oras ng kagipitan.<br>__ Magbigay ng mga pagkain at damit<br>__ Manood ng mga nababaha.<br>__ Tumulong sa paglilinis.<br>__ Sisihin ang mga tao.<br>__ Magkaloob ng tulong pinansiyal. | Lutasin:<br>Nakita mong umiiyak ang kaklase mo. Nawala pala ang baon niyang bente pesos. Nagugutom siya pero wala siyang perang pambili sa kantina. Ano ang gagawin mo? | Tama O mali<br>___1. Uhaw na uhaw si Kalapati.<br>___2. Kinagat ni Langgam si kalapati.<br>___3. Hinulugan ng dahon ni Kalapati si Langgam.<br>___4. May gusting bumaril kay Langgam.<br>___5. Mabuti ang pagtulong sa kapwa sa oras ng kagipitan | |
| J. Karagdagang Gawain para sa takdang-aralin at *remediation* | | Anu-anong paghahanda ang dapat gawin kung may paparating na kalamidad? Maglista ng 5. | May nakita kang batang tinutukso ng mga kapwa bata. Paano mo siya tutulungan? | Iguhit ang isang tagpo sa kwento na ibig mo. | |

***IV. Mga Tala***

***V. PAGNINILAY***

A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.
B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation.*
C. Nakatulong ba ang *remedial*? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin.
D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation.*
E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?
F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor?
G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?